

Sa isang emerhensiya:

Gamitin ang inyong telepono upang tumawag ng kaligtasan, tumanggap ng mga paunawang pang-emerhensiya sa inyong lungsod o county, at malaman ang kalagayan ng inyong minamahal.

Ngunit, tandaan na gawing maiksi ang mga tawag upang magamit ng mga iba rin ang sistema.

Ang mga ito ay mga hiwatig na dapat pag-isipan.



Kung kailangan ninyo ng tulong sa reklamo tungkol sa serbisyo ng telekomunikasyon o kuwenta, tumawag muna sa inyong kumpanya ng telepono. Kung hindi maareglo ang inyong problema, maaari kayong magsampa ng reklamo online sa: www.calphoneinfo.com o tumawag sa Hotline ng **Consumer Affairs Branch** (Sangay para sa mga Asunto ng Tagakonsumo) at ng **Utility Fraud** (Pandaraya Kaugnay sa mga Palingkurang-bayan) sa: **1(800) 649-7570**



CPUC

Paggamit ng Telepono sa Emerhensiya

KOMISYON NG
CALIFORNIA SA
MGA GAMIT
PAMPUBLIKO





9-1-1

Ang inyong telepono ay maaaring maging kaligtasan sa inyong buhay. Maaari ninyong gamitin ito upang tumawag ng tulong at upang tumanggap ng mga tawag at mga mensahe. Ngunit kapag may emerhensiya, ang lahat ng nasa o malapit sa lugar ng emerhensiya ay dapat umiwas ng paggamit ng telepono sa mga hindi pang-emerhensiyang dahilan. Sa paggawa nito, ang mga sistema ng telepono ay maaaring maging bukas upang tumanggap ng tawag ng emerhensiya, kasama ang mga tawag na dapat gawin mula sa kagawaran ng bumbero at pulis upang matugon ang emerhensiya. Walang sistema ng kompanya ng telepono ay makakapangasiwa ng tawag ng lahat kung lahat tayo ay sabay-sabay gagamit ng ating mga telepono. Dagdag rin sa emerhensiya, ang mga cell tower at mga linya ng telepono ay maaaring hindi gumana.

Paggamit ng Telepono sa Emerhensiya

Kapag walang kuryente

- Bumili ng radyo na bitbitin sakali mayroong pagkawala ng kuryente at magtago ng mga bagong baterya para dito.
- Ang estilong teleponong “cordless” na nakasaksak sa isang labasan ng kuryente ay hindi gagana kapag walang kuryente. Maaari ninyong nais magtago ng simpleng telepono na hindi nangangailangan ng kuryente para gamitin sa mga emerhensiya.
- Kung ang serbisyo ng inyong telepono ay mula sa Internet o mula sa cable, ang inyong baterya ay gagana lamang ng mga ilang oras. Maaari ninyong nais bumili ng bateryang backup.

Alamin sa inyong lungsod o county kung may sistema ng emerhensiya na magbibigay babala sa mga residente kung may emerhensiya.

Karamihan sa mga sistema ay maaaring magpadala ng text-based na mga mensahe sa mga kagamitang komunikasyon tulad ng mga TTY, mga cell phone at mga personal digital assistant (PDA). Kung mayroon silang se bisyong ito, alamin kung kinakailangan irehistro ang inyong (mga) telepono. Kung kayo ay may kapansanan at hindi makagamit ng TV o radyo, dapat ninyong ipagpatuloy ang paggamit ng inyong telepono o computer upang makakuha ng impormasyon, ngunit subukang bawasan ang pagtawag o panatilihin itong maiksi upang manatiling bukas ang mga linya ng telepono. Tandaan na ang mga linya ng telepono ay maaaring maging sira. Ipinapayo namin na kamausap kayo ng isang kaibigan o kamag-anak na nakatira malapit sa inyo na magbibigay-alam ng emerhensiya at tulungan kayo, kung kinakailangan.



Kausapin ang inyong mga minamahal sa maagang panahon upang bumuo ng backup na plano. Tawagan lamang ang 9-1-1 ng isang beses upang ipaalam ang emerhensiya. Maaari lamang at huwag silang tawagan para magtanong sa anumang pagbabago. Kailangan nilang panatilihin bukas ang mga linya para sa mga emerhensiya. Gamitin ang inyong TV, radyo, o kausapin ang inyong mga kapitbahay upang makatanggap ng mga pagbabago sa emerhensiya.

Tandaan!

Kapag gagamitin ang inyong telepono upang malaman ang kalagayan ng inyong mga minamahal, gawing maiksi ang tawag. Sa inyong cell phone, subukan ang text messaging kapag ang inyong tawag ay hindi makapasok.